# EDUKASYON SA KASALUKUYAN: KARAPATAN O PRIBELEHIYO?

*by:*
**Jhoenell S. Adan**
*Teacher II, LimayNational High School*

Ang sarap mangarap sa mundong alam mong may posibilidad na makamit mo ang mga naisin mo para sa iyong sarili, pamilya, at bayan. Hindi ba kay sarap na gumising tuwing umaga na ang kaakibat ng pagdilat ng iyong mga mata ay pag-asa na muling sisibol ang pagbabago. Ngunit sa panahon nating ito, ang edukasyon ay isa sa mga nagiging kwalipikasyon upang maabot natin ang ating mga pangarap. Gayunpaman, ito ay karapatan ng isang batang Pilipino. Karapatan ng isang batang Pilipino ang magkaroon ng edukasyon at maging malaya mula sa rehas ng kamangmangan. Subalit, sa mga sitwasyon na ating kinakaharap, maituturing pa nga bang ang pagkakaroon ng edukasyon ay isang karapatan o isa na itong pribilehiyo? Karapatan nga ba ng isang kabataang Pilipino ang makapag-aral kung pili lamang ang nabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng sapat na edukasyon sa mga larangan na kanilang naisin? Kasama ng bawat batang isinisilang sa mundong ito ay ang kanilang mga karapatan, kabilang doon ang magkaroon ng edukasyon. Magkaroon ng bukas na pintuan upang matuto at maipagyabong ang mga kaalaman na mayroon ang isang kabataang Pilipino. Ngunit, hindi lingid sa kaalaman nating lahat na maraming bagay ang pumipigil sa isang kabataan upang magkaroon ng edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa sa mga nagiging hadlang upang ang isang kabataan ay hindi magkaroon ng sapat na edukasyon ay ang kahirapan. Hinahadlangan nito ang edukasyon ng mga mag-aaral sa kaparaanan na hindi natutustusan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral dahil may mga bagay rin na kailangang bilhin ay bayaran na nangangailangan ng pinansyal na kapasidad. Lalo na sa panahon natin ngayon, kung saan ang uri ng pag-

aaral ay ginagamitan ng teknolohiya at mga gadyets upang maihatid sa mag estudyante ang mga kaalaman na dapat nilang taglayin.

Pangalawa, distansya ng paaralan. May mga mag-aaral sa kabundukan na punong-puno ng mga pangarap ngunit hindi nagagawang abutin dahil sa kakulangan sa iba't ibang aspeto na hindi kayang mapunan ng kagawaran ng edukasyon. Maraming mga katutubo sa mga nayon ang hindi nabibigyan ng pagkakataon dahil sa kanilang agwat o layo mula sa kabihasnan. Kung ipipilit man nilang makapag-aral sa kabihasnan, oras ang kailangan nilang lakbayin upang makarating sa mga paaralan. Dahil dito, ito ay nagiging dahilan upang hindi maabot sila ng mga impormasyon na kanilang kakailanganin sa pag-aaral.

Ikatlo, kakulangan ng mga kagamitan at tulong sa lahat ng aspeto mula sa kagawaran ng edukasyon. Hindi lingid sa kaalaman nating lahat kung anong ekonomiya mayroon ang ating bansa sa mga panahong ito. Tiyak akong alam natin na maraming mga pagkukulang ang gobyerno upang mapunan ang mga pangangailangan ng sambayanang Pilipino. Sa patuloy na paglobo ng populasyon sa Pilipinas, mas lalong nahihirapan ang ating gobyerno upang matugunan ang pangangailangan ng lahat. At kaakibat ng patuloy na paglobo ng populasyon ay paglobo rin ng bilang ng mga taong hindi naaabot ng tulong mula sa gobyerno.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kabila ng mga pangarap na mayroon ang bawat kabataang Pilipino, hindi natin maitatanggi na ang karapatan upang magkaroon ng sapat na edukasyon ay unti-unti nang naglalaho at ito ay nagiging pribilehiyo. Kung may kakayahan ka upang makapag-aral, maaari kang mag-aral. Ngunit kung kulang ang iyong kakayahan upang matustusan ang iyong pag-aaral, sigurado akong hindi magiging madali ang landas na kailangan mong tahakin upang makapagtapos lamang ng pag-aaral.

At habang ang mga ideyolohiyang mga ito ay nabubuo sa isipan ng mga tao, ang isang katulad ko ay patuloy na naniniwala na ang edukasyon ay para sa lahat. Hindi man

sa panahon natin ngayon, ngunit alam kong may takdang oras na darating upang ang lahat ay magkaroon ng edukasyon at makuha ang diplomang kanilang ninanais. Sa likod ng mga hamon na ating kinakaharap sa larangan ng edukasyon, isa ako sa mga naniniwalang may mga taong patuloy na maninindigan para sa kanilang mga pangarap. Mga patuloy na lalaban at hindi susuko makuha lamang ang mga pangarap na kanilang minimithi.

*References:*

NORAD. (n.d.). The right to education. Retrieved June 20, 2022, from https://www.norad.no/en/front/thematic-areas/education/right-to-education/

Puketza, A. (2019, February 28). EDITORIAL: Education is a privilege, not a right. The Knight Crier. Retrieved June 20, 2022, from https://www.knightcrier.org/opinion/2019/02/28/editorial-education-is-a-privilege-not-a-right/

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan